

Ang Liga ay Buháy: Ang Pagtatagpo ng Teleserye at *Anime* sa *Barangay 143*

Cris R. Lanzaderas

Abstrak

Hindi na mabilang ang anime na naipalabas sa Pilipinas, “Tagalized” man o nasa orihinal nitong wika sa Hapon o ang salin nito sa Ingles. Gayunpaman noong 2018 lamang nagkaroon ng tinaguriang “unang Pilipinong de-seryeng *anime*” at naipalabas sa *free TV* sa bansa, ang *Barangay 143*. Naipahayag ang antisipasyon sa palabas na ito sapagkat sa unang pagkakataon maitatampok ang kultura ng ating bansa sa isang anyong popular sa kabataan at mailalahad din ang pagkahumaling ng mga Pilipino sa basketbol. Subalit isa sa mga pinakapopular na komento at puna sa nasabing anime ay ang pagsunod nito sa pormula ng dramang pantelebisyon sa Pilipinas, ang Pinoy teleserye. Maliban sa pagtalunton sa ilang batayang pagpapakahulugan sa teleserye at anime, sinuri ng papel na ito ang maaaring mga dahilan kung bakit itinuring na teleserye ang *Barangay 143* at gayundin naman, sinuri din kung papaano ginamit ang mga katangian ng anime upang iangkop ito sa karanasan at panlasa ng Pilipinong manonood.

Mga susing salita: animasyon, Filipinong identidad, kulturang biswal, pelikulang Filipino, pag-aaral ng animation, semiotika, SDG 8: Decent Work and Economic Growth, SDG 9: Industry Innovation and Infrastructure

Plaridel Open Access Policy Statement

As a service to authors, contributors, and the community, *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* provides open access to all its content. To ensure that all articles are accessible to readers and researchers, these are available for viewing and download (except Early View) from the *Plaridel* journal website, provided that the journal is properly cited as the original source and that the downloaded content is not modified or used for commercial purposes. *Plaridel*, published by the University of the Philippines College of Mass Communication is licensed under Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivatives 4.0 International License (<https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/legalcode>).

How to Cite This Article in APA

Lanzaderas, C. R. (2026). Ang liga ay buhá: Ang pagtatagpo ng teleserye at anime sa *Barangay 143* [The league is alive: The intersection of teleserye and anime in *Barangay 143*]. *Plaridel*, 23(1), 67-96. <https://doi.org/10.52518/2026-03landrs>

Abstract

Countless animé series have been aired in the Philippines whether “Tagalized”, in its original Japanese language, or its English translation. However, it was only in 2018 that *Barangay 143*, the first animé series produced by Filipinos, aired on free TV in the country. Anticipation on this show was heavily manifested because for the first time, our own culture will be featured in a popular form among the youth and the Pinoy’s fascination with basketball will also be shown. However, one of the most popular comments and criticisms about the said anime was its adherence to the formula of Philippine television drama, the Pinoy teleserye. Aside from the exploration of some basic definitions of teleserye and anime, this paper analyzed possible reasons why *Barangay 143* was considered a teleserye and examined how anime characteristics were used to adapt it to the experience and taste of Filipino viewers.

Keywords: animation studies, Filipino identity, Filipino film, semiotics, visual culture, SDG 8: Decent Work and Economic Growth, SDG 9: Industry Innovation and Infrastructure

Panimula

Matagal nang bahagi ng television programming sa Pilipinas ang *anime* bagaman ayon sa mga eksperto ay ibang anyo ng pagtanggap ang naranasan nito sa mga unang taon ng pagpasok nito sa bansa. Sinasabing sa mga huling taon ng 1970s, kasagsagan ng Batas Militar ng rehimen ng nakatatandang Marcos, ipinagbawal ang paglalabas ng anime, partikular na ang *mecha* na *Voltes V* dahil sa iba't ibang dahilan (Bravo, 2012). Binanggit niya na dalawa ang itinuturong dahilan sa *ban* na ito: una, maaari umano itong maging inspirasyon upang magrebelde laban sa diktadurya ni Marcos Sr. at ikalawa, natatalo nito sa ratings ang mga katapat na panoorin sa dalawang estasyon ng telebisyon ng gobyerno - ang PTV Channel 4 at ang RPN Channel 9 (Bravo, 2012). Mayroon ding balita na dahil sa karahasang laman ng mga ganitong uri ng anime, sinasabing maselan ito para sa pangunahing target nitong manonood na mga bata (Garcia, 2022). Binanggit ni Bravo (2012) na natagpuan ng anime ang lugar nito sa kasaysayan ng telebisyon sa Pilipinas at maging mismo sa ating kasaysayan ng midya sa bansa.

Nang ipagbawal ang pagpapalabas sa *Voltes V*, ito naman ang naging signos ng pagpasok ng iba pang mga anime na itinuturing na angkop para sa kabataang manonood. Gayunpaman, hindi pa rin nawala ang pag-uugnay ng karahasan sa anime kaya minabuti ng mga estasyong umaangkat sa mga ito na kuhanin ang *Amerikanized* (maliban sa pagsasalin sa Ingles, maaari rin itong bigyang-kahulugan bilang anyo ng pag-aangkop sa pagitan ng pinagmulang kultura tungo sa panlasang ng Amerikanong konsyumer) na bersiyon kung saan binura o binawasan ang reperensiya sa kulturang Hapon (Bravo, 2012). Ipinalabas na rin ito sa umaga at rebranded bilang morning cartoons (Santos, 2021).

Sa pagpasok ng 1990s hanggang sa mga unang taon ng 2000s sinasabing naging malaganap ang anime sa Pilipinas (Bravo, 2012). Sa mga panahong ito, sunod-sunod ang naging pang-angkat ng pinakamalalaking estasyon ng telebisyon ng mga anime na nasa genre ng drama o iyong may mga kuwentong madamdamin at may kurot sa puso gaya ng *Sarah*, *Ang Munting Prinsesa* at *Cedie*, *Ang Munting Prinsipe* ng ABS-CBN Channel 2, mga kuwentong relihiyoso o hango sa Bibliya gaya ng *Super Book* at *Flying House* sa GMA Channel 7, at mga panooring target ang partikular na grupo ng manonood tulad ng *shōnen* gaya ng *Dragon Ball* sa RPN Channel 9 at *shoujo* gaya ng *Sailormoon* sa ABC Channel 5. Pinatunayan lamang ang paglawak at ang unti-unting popularisasyon ng anime sa programang pantelibisyon lalo na

at ang mga ito ay nakasalin na sa wikang Filipino maliban na lamang sa *Dragon Ball* na unang ipinalabas na naka-*dub* sa Ingles bago ito isinalin sa Filipino ng GMA 7 bagaman karaniwan pa rin itong mapapanood sa tinatawag na “children’s viewing time slots” (Bravo, 2012, p. 56).

Subalit dahil sa patuloy na paglakas ng anime sa Pilipinas, nagkaroon na rin ng mga manipestasyon ng iba pang anyo ng impluwensya nito sa Pilipinong manonood at konsyumer. Halimbawa nito ay ang mga anime na nagpasimula ng pagbebenta ng mga laruan tulad ng *Pokémon* at *Let’s Go* habang nakapokus naman sa promosyon ng drama, aksiyon, at romance ang mga anime tulad ng *YuYu Hakusho* (*Ghost Fighter*) at *Slam Dunk*. Pawang mga anime na ipinalabas sa GMA 7. Sinundan ang pagiging patok ng mga anime na nabanggit sa paglalagay ng mga anime sa oras na hindi nito gaanong pinapasok noon—ang primetime slots na nasa pagitan ng ika-6 hanggang ika-8 ng gabi. Sa mga oras na ito, tanging mga balita o news programs at teleserye (soap opera) lamang ang ipinapalabas. Sa GMA 7, halimbawa, may nakalaan na anime sa bawat araw sa buong linggo, mula Lunes hanggang Biyernes sa primetime. Tinawag ang pagsasagawa ng programang ito bilang “We are Anime” ng GMA 7 (Bravo, 2012).

Gayunpaman, sa pagtatapos ng unang dekada ng bagong milenyo at sa pagpasok ng iba’t ibang paraan upang maakses ang anime, unti-unting nabawasan ang mga oras na umeere ito sa telebisyon. Naging mas madali ang paraan ng panonood nito dahil sa mga online streaming kaya hindi na kailangan pang abangan ang pang-araw-araw na paglalabas ng mga episode (Adobo Magazine, 2023). Sa kasalukuyan, limitado na lamang ang timeslot ng pagpapalabas sa mga pang-umagang anime kasabay ng pagkaunti ng ang estasyong bumibili nito at pagsasara ng ABS-CBN na isa sa mga nangungunang taga-angkat nito.

Kaya gayon na lamang ang usap-usapan nang mapabalita ang paglikha ng isang anime na gawa ng mga Pilipino at tungkol sa buhay ng mga Pilipino (Wabe, 2018). Sa isang ulat ni Pineda (2016), inanunsiyo ng TV Asahi, kasama ang lokal na animation studio at game developer na Synergy88 at ang distributor na August Media Holdings na mula naman sa Singapore, ang produksiyon ng isang anime na ang target ay mga manonood na Pilipino ukol sa kuwento ng isang pangkat ng mga manlalaro ng basketbol sa isang barangay sa Maynila. Inulat din niya na binanggit ng Nikkei Asia Review na ieere ang Barangay 143 sa isang *primetime slot* subalit walang pagbabanggit kung anong estasyon ng telebisyon ito ipalalabas.

Sa mga sumunod na taon, inilabas na rin ang balitang ito ng lokal na midya. Tinawag itong unang *Pinoy anime series* (Rule, 2018), unang *Japanese-Filipino anime* (Wabe, 2018), at drama na may katutubong kulay (Santos, 2020). Ibinalita rin ang pagpapalabas nito sa pandaigdigang manonood bagaman ang unang target nito ay mga Asyanong manonood. Sa kasalukuyan ay mayroon na itong dalawang seasons at nagwagi na rin ng iba't ibang gantimpala tulad ng National Category ng Best Animated Series, Best Drama Series, at Best Theme Song sa 2019 Asian Academy Creative Awards (Manila Bulletin Entertainment, 2020) at Best 2D Animated Program at Best Theme Song sa 2020 Asian Television Awards (“Barangay 143’ streams,” 2020).

Sa Pilipinas, naging mainit ang pagtanggap ng mga manonood nito sa inisyal nitong pagpapalabas kada Sabado ng umaga sa GMA Channel 7 simula noong Oktubre 2018. Batay sa tala na inilabas ng AGB Nielsen NUTAM overnight data, nakuha ng pilot episode nito ang 4.4% rating kumpara sa 3.2% ng katapat nitong programa sa kalabang estasyon (“1st Pinoy anime gets good rating,” 2018). Maliban sa mataas na rating sa oras na kung kailan ito umeere, nag-trending din sa social media ang hashtag nito na #Brgy143AngSimula habang ilang netizens naman ang pumuri sa potensyal nito (“Barangay 143’ streams on POPTV Pinas this November,” 2020). Subalit sa kabila ng mainit na pagtanggap sa pag-ere nito sa telebisyon, mahalagang mabigyang-pansin din ang pagtaguri rito bilang isang seryeng pandrama. Sa isang rebyu ng *Barangay 143* sa *Philippine Star*, tinawag rin itong drama. Ayon kay Santos (2020), “it feels like a *telenovela* [emphasis added] disguised as an anime, with basketball scenes serving as a backdrop to a story of high drama, family tensions, and game fixing crime syndicates” (para. 6).

Sa IMDb naman, isang online database na naglalaman ng impormasyon hinggil sa iba't ibang panoorin sa telebisyon at sine, umani naman ng negatibong puna at komento ang *Barangay 143* na iniuugnay sa pagiging teleserye nito:

I like this story a lot, but for me it's not the anime I'm looking for because it doesn't seem like an anime. *I consider it more of a teleserye than an anime. Because everything common that happens in the teleserye is here!* [emphasis added] (austriaalex, 2022)

This show did not make me proud. It's more like a teleserye rather than an actual shonen jump Filipino anime [emphasis added] (kervindonngo, 2023).

May negatibong konotasyon sa paraan ng paglalatatag sa kanilang mga puna. Ilan pang halimbawa ay ang mga komentong “hindi siya anime para sa akin” (austriaalex, 2022) at “[t]he Filipino anime started to become tiring and stale” (kervindonngo, 2023). Sinasabi na para bang ang labis na pagsunod ng *Barangay 143* sa pormula ng teleserye ay nakaapekto sa pagiging anime nito. Gayunpaman, makikita sa mga komento ang pamilyaridad ng mga manonood sa mga anyong naging popular sa telebisyon sa Pilipinas, ang anime at ang teleserye na hanggang ngayon ay bahagi pa rin ng pagpoprograma sa telebisyon sa bansa.

Nakapukaw sa interes ng mananaliksik ang pagtaguri ng mga manonood sa *Barangay 143* bilang isang telenovela o teleserye at ito ang nais siyasatin ng papel. Pangunahing layunin ng papel na masuri ang

Figura 1

Opisyal na Promotional Poster ng Barangay 143



Tala. *Barangay 143* (2018)

mga elemento ng teleserye na taglay ng *Barangay 143* batay sa mga katangiang inilatag ng mga iskolar sa larangang ito partikular na si Louie John Sánchez gayundin ang kaniyang ideya sa teleserye at kontemporanidad o “ang pagiging ngangayunin” nito (Sánchez, 2020a, p. 102). Gayundin naman, tatangkain din ng papel na matukoy ang mga katangian ng anime na taglay ng sinusuring teksto. Sa paghahanap at pagsusuri sa mga elemento ng dalawang popular na panoorin sa Pilipinas, maaaring maging salalayan ang pagtatagpo ng mga ito sa mas obhetibong pagpapaliwanag sa reaksiyon ng ilang manonood hinggil sa *Barangay 143* at ang

umuusbong na mga oportunidad na bitbit ng pagtatagpo ng dalawang anyo.

Anime, Pinoy Anime, at Teleserye

Anime at “Pinoy Anime”

Sinasabi ni Denison (2015) sa kaniyang aklat na *Anime: A Critical Introduction* na mahirap ikulong sa iisang depinisyon ang anime. Para sa kaniya, malawak ang saklaw nito at pabago-bago ang anyo: “[i]t is a shifting, sliding category of media production that refuses attempts to pin it down. Anime is for some the very definition of ‘Japanese animation,’ but closer investigation reveals how easy it would be to contest that understanding” (p. 1). Sumang-ayon din si Ruh (2014) na hindi mapapagkit sa iisang kahulugan lamang ang anyong ito. Gayunpaman, nagbanggit pa rin siya ng ilang impormasyon hinggil sa anime na maaaring maging gabay sa higit na pag-unawa rito. Una, bago pa ito tawaging anime, mas nakilala ito bilang “Japanimation” sa mga huling bahagi ng 1980s hanggang sa mga unang bahagi ng 1990s. Ikalawa, ginagamit ang anime bilang pantukoy sa isang anyong naiiba sa ibang uri ng animasyon dahil sa estilo nito at pinagmulang heograpiya (Ueno, 1999 as cited in Ruh, 2014). Huli, magagagap lamang ang kahulugan ng anime batay sa mga mata o kulturang nanonood nito (Brown, 2006 as cited in Ruh, 2014). Sa mga inilatag na kahulugan, masasabi na nagsimula man ito sa bansang Japan, hindi na nalilimitahan ang anime sa estilong eksklusibo lamang sa isang bansa o lahi kundi sa kung paano ginagamit ang mga imahen onscreen at sa ugnayang nalilikha ng manonood sa kaniyang kinokonsumong materyal (Ruh, 2014).

Samantala, mayroon ding mga animator sa Japan na may pag-aalinlangan din sa paggamit ng terminong anime. Halimbawa, para sa kilalang tagalikha ng anime at isa sa mga nagtatag ng Studio Ghibli na si Hayao Miyazaki, namumuhi siya sa salitang ito. Aniya,

Mass production has changed things. The ideas and sincere emotions that should permeate our work have given way to bluster, nervousness, and pandering. What should be loving handmade work has slipped into a production system where we’re simply paid by the image. I hate the shortened term anime because for me it just symbolizes this desolation. (Miyazaki, 1988 as cited in Bolton, 2018, p. 235)

Ang tinutukoy ni Miyazaki na desolation o kahungkagan ay nagmumula sa mga anime na nakaasa lamang sa expressive expressionism habang wala namang motibo (loss of motives) ang mga tauhan (Bolton, 2018). Iniluluwal ang suliraning tinukoy ni Miyazaki ang surplus ng produksiyong *animated* na bunga ng mataas na pangangilangan o demand para sa mga programang pantelebisyon.

Malinaw sa pananaw ni Miyazaki ang kaniyang komentaryo sa labis na pagdepende ng *animation* sa kita na dahilan sa pagiging industriya na lamang nito sa halip na isang anyong-sining (Bolton, 2018). Ganito rin ang kapalaran ng animation sa Pilipinas na bagaman may pag-unlad ay hindi pa tuluyang sumusulong dahil nanatili na lamang sa pag-aalok ng murang lakas-paggawa sa anyo ng serbisyo o subcontracting ng mga animator (Florentino, 2018; Lent, 2004; Tolentino, 2001). May pagtingin din na nakikiuso lamang ang Pilipinas, kasama na ang iba pang mga bansa sa Timog Silangang Asya, sa produksiyon ng mga gawang animated mula sa mga bansa sa Silangang Asya at kahit sa India na siya nang primaryang pinagkukunan ng outsourcing (Lent, 2004).

Kaya maituturing na malaking balita ang pagbabansag sa isang produksiyong animated bilang unang Pinoy anime. Totoong hindi pa naaabot ng Pilipinas ang antas ng produksiyon, partikular na sa usapin ng layo ng narating ng Japan sa kanilang industriya ng animasyon subalit kung uugatin naman ang kasaysayan nito, mayroong pagkakatulad ang simulain ng anime at Pinoy animation, halimbawa sa mga inilathalang komiks. Iyon nga lamang, mas bata at napakalaki ng impluwensiya ng kolonyalismong Amerikano sa paglikha ng Pinoy komiks na naging popular sa panahon ng pananakop ng mga dayuhan (Tolentino, 2001). Sinasang-ayunan ito ni Santos (2005) bagaman nilinaw niya na malaki pa rin ang impluwensiya ng pagtatampok ng mga anime sa katutubong kultura ng Japan upang manatili ang interes ng mga Pilipino sa anyong ito.

Pinoy Anime at Teleserye

Ang pag-angkin ng *Barangay 143* sa katawagang anime o ang pagtaguri rito bilang Pinoy anime ay maiuugnay rin sa pagbibinyag sa de-seryeng panoorin sa telebisyon bilang teleserye. Hindi nalalayo sa natalakay na katangian ng anime ang dahilan naman ng pagiging patok ng teleserye (noon ay soap opera) sa iba't ibang yugto ng ating kasaysayan. Kung tutuusin, ang pormat ng kasalukuyang teleserye ng Pilipinas ay supling ng mga panooring maituturing nitong ninuno. Sa koleksiyon ng mga sanaysay ng eksperto sa teleserye na si Louie Jon

Sánchez, binanggit niya na 1962 ang taon ng pagsilang ng Pinoy *soap opera* nang iere ng ABS-CBN ang *Hiwaga sa Bahay na Bato* (Santos, 2009 as cited in Sánchez, 2022). Gayunpaman, ang mga unang anyo nito na umere naman sa radyo ay nasa himpapawid na noon pang huling bahagi ng 1930s hanggang 1940s (Enriquez, 2008 as cited in Sánchez, 2022).

Ginamit lamang ang teleserye bilang pantukoy sa identidad ng Pinoy soap opera, isang marketing ploy ng *Pangako Sa 'Yo* noong 2000, na siya na ring pangkalahatang terminong sumasaklaw sa mga produksiyong pantelebisyon na de-serye, “tele” na mula sa telebisyon at “serye” mula sa series. Samakatuwid, ito ay mga panooring nahahati sa mga episodyo at mapapanood sa isang partikular na oras at araw. Ayon kay Sánchez (2022), kabilang din sa genre na ito ang mga lokal na adaptasyon ng mga de-serye ring panoorin mula Korea (Korenovela) at Latin America (telenovela).

Iginigiit din ni Sánchez (2022) na sa kabila ng mga puna at negatibong tingin sa teleserye, na ito ay kinopya lamang sa mga umiiral na anyong dayuhan, nananatili pa rin ang orihinal na kalikasan nito. Sinipi niya si Lucilla Hosillos at ang akda nitong *Originality as Vengeance in Philippine Literature* (1984) kung saan sinasabi na bahagi ng pampanitikang orihinalidad ng kulturang Pilipino ang asimilasyon at pag-aangkop ng mga banyagang elemento tungo sa sarili nitong gamit. Dagdag pa ni Hosillos, ang ating orihinalidad ay nag-uugat sa paglikha ng mga Pilipinong artista ng mga likhang may ambag at halaga sa kanilang sariling inidbidwal na karanasan at panlipunang realidad (Hosillos, 1984 as cited in Sánchez, 2022). Kaugnay ng pagtinging inilatag ni Hosillos, sinasabi ni Sanchez na itinatanghal din ng teleserye ang husay ng mga Pilipino sapagkat pinabubulaanan nito ang bintang ng pangongopya lamang ng anyo sapagkat patuloy itong nalilikha at nahuhubog kasabay ng iba pang anyo ng drama sa iba’t ibang bahagi ng daigdig at bumabalik sa lipunang dapat salaminin ng nilalaman nito:

In a way, it has become a parallel narrative to our historical unfolding, providing retrospection and prescience, even in seemingly domestic episodes. The particular is embroiled in the pervasive, in such a way that two parallel narratives - our historical time and the fictional temporality of the teleserye - converge in certain instances. (p. 28)

Mahalagang mabigyang-diin ang pagtingin sa teleserye bilang isang anyong nanghihiram, nang-aangkin, nagbabago, at umuunlad. Sa ganitong pananaw, posible rin kaya na ang anime, na isang dayuhang anyo, ay matransporma rin bilang isang teleserye? Kung gayon, lumilitaw na lehitimo ang obserbasyon at rebyu ng ilang manonood ng *Barangay 143* kung paanong ang anime na ito ay hindi talaga anime kundi isang teleserye. Samakatuwid, tumatalima ito sa naunang paglalatag ng kahulugan ng anime –walang iisang kahulugan lamang at posible ang pagtawid ng anyo. Pinatutunayan nito ang pananaw na ang teleserye ay maaaring hindi na rin natatali sa kinasanayan nating anyo nito.

Ito ang ninanais suriin ng pananaliksik. Masasabi na ang *Barangay 143* ay supling ng dalawang anyong nabanggit subalit wala pang pagsusuri sa mga katangian nito bilang isang anime kahit gawa naman ng mga Pilipino at bilang isang teleserye kahit iba naman ang anyo nito.

Ano ang “Barangay 143”?

Itinuturing ang *Barangay 143* na may tagline na “Liga ng Buhay” bilang kauna-unahang de-seryeng anime na gawa ng mga Pilipino o sa madaling salita, Pinoy anime. Mayroon na itong dalawang *season* na may 26 na episodyo (14 na episodyo sa unang *season* at 12 na episodyo sa ikalawa) at bawat isang episodyo ay may habang halos 22 minuto kabilang na ang opening billboard (OBB) nito. Umere ang Season 1 nito sa Pilipinas sa pamamagitan ng GMA Network noong 2018 samantalang ang Season 2 ay mapapanood sa online streaming site na POPTV Philippines (Manila Bulletin Entertainment, 2020).

Uminog ang kuwento ng *Barangay 143* sa buhay ni Bren Park, isang sikat na basketbolista sa Korea, na iniwan ang kaniyang bansa upang hanapin ang kaniyang tunay na ama sa Pilipinas. Sa kaniyang paghahanap, mapapabilang siya sa isang koponan ng mga manlalaro ng street basketball at magiging mahalagang bahagi sa pagkamit ng layunin nitong magwagi sa iba’t ibang patimpalak na kanilang sasalihan. Binigyang-tinig ng mga sikat na personalidad sa bansa ang mga pangunahing tauhan ng *Barangay 143* na sina Bren Park (Migo Adecer), Vicky Sebastian (Julie Ann San Jose), Wax Rivera (Ruru Madrid), at Coach B/Bobby Sebastian (John Arcilla). Samantala, ilan pa sa mga tauhan ng anime ang kinatampukan ng mga tinig ng mga kilalang artista tulad nina Jack Rivera (Edu Manzano), Baby dela Cruz (Lorna Tolentino), at Sophia Rivera (Cherie Gil).

Nag-uugat ang produksiyon ng sariling de-seryeng anime ng Pilipinas mula rin sa pandaigdigang kasikatan at pagkonsumo ng anyong

ito na produkto ng bansang Japan. Sa pinakahuling ulat ng Association of Japanese Animators (AJA) noong 2023, tumaas nang mahigit 110 bahagdan ang merkado ng anime sa buong daigdig kumpara noong 2022 at sa iba pang mga taon ng pandemya. Katumbas ito ng 1.5 trilyong yen o mahigit 9 na bilyong dolyar na kita (Masuda et al., 2023). Kaya sa kabila ng pagbaba ng oras ng pag-ere sa telebisyon ng mga animé mula sa bansang Japan, patuloy pa rin ang Pilipinas sa produksiyon ng mga panooring inspirado ng popular na pormat na ito. Halimbawa na ang *Super Twins* (2007; GMA 7) at *Princess Sarah* (2007; ABS-CBN) (Bravo, 2012). Pinakahuling naidagdag sa listahang ito ang *Voltes V: Legacy* (2023) ng GMA 7.

Gayunpaman, ang lahat ng mga nabanggit na teleserye ay pawang mga *live action remake* o adaptasyon. Ibig sabihin, totoong tao ang mga gumampan sa mga tauhang mula sa simulaing teksto na anime. Para sa Barangay 143, tila ba nagtatagpo ang dalawang pormat na ito sapagkat ang anyo ay anime at kung pagbabatayan ang mga komento at pagsusuring mababasa *online*, ito rin ay isang “teleserye”. Dahil sa pagtatagpong ito, lumulutang ang pamilyaridad ng manonood na Pilipino sa kinasanayang serye sa telebisyon at hinuhusgahan ang Barangay 143 na “*doesn’t seem like an anime*”.

Ang Barangay 143 bilang Teleserye

Marami nang ipinupukol sa mga panooring pang-aliw na ipinapalabas sa iba’t ibang estasyon sa Pilipinas. Ayon kay Sánchez (2020b), maging sa panahon ng pandemya at pagsasara ng isa sa pinakamalalaking estasyon sa bansa, ang ABS-CBN, nagpatuloy pa rin ang pagtawag sa telebisyon bilang “opyo ng masa” (*opiate to the masses*). Binanggit din niya ang kaniyang naging obserbasyon sa pagbabalik ng mga natapos nang mga teleserye dahil sa ipinatupad na mga *lockdowns*:

Television and the teleserye are platforms of popular culture and the usual attitude, mainly from the educated in the Philippines, is to dismiss them as obtuse, if not, vulgar. Teleserye narratives endlessly spin the melodrama of the triumph of the good and righteous, amidst pathos and pails of tears. In the end, *for elitists* [emphasis added], COVID-19 may simply be turned into another teleserye of miracles and resilience, as reruns help renew people’s false optimism and extend their patience while in dire straits. (para. 3)

Sinasabi ni Sánchez na ang ganitong uri ng pagtanggap ng mga elitista sa teleserye ay sumasalamin sa mababang pagtingin sa popular na panooring pantelebisyon. Gayundin sa *Barangay 143* na bagaman hindi narating ang taas ng *rating* o ang lubos na popularidad sa mga buwang umeere ito ay nakatanggap pa rin ng katulad na kritisismo para sa mga manonood na sumubaybay rito sa telebisyon at sa *online streaming sites*.

Ang Barangay 143 Bilang Isang Melodrama

Ang taguring “teleserye” ay hindi lamang iniuugnay sa de-seryeng panoorin na nagtatampok ng piksyonal na mga tauhan o kuwento. Halimbawa, tinawag ni Sánchez (2020) na teleserye ang pagsasara ng ABS-CBN sa kasagsagan ng pandemya noong 2020. Ginagamit naman ng Pinoy Big Brother (PBB), isang reality show ng ABS-CBN, ang tagline na “Teleserye ng Totoong Buhay” (Ching, 2019). Ang popular na paggamit ng “teleserye” bilang pantukoy sa anomang dramatikong panoorin ay kaakibat ng pamilyaridad ng mga lumilikha at manonood sa “pormulang” sinusundan nito. Gayunpaman, kakaunti ang mga batis na naglalalatag ng padron ng isang teleserye bagaman sa pangalan pa lamang ay mauunawaan na ang pormat nito - isang de-seryeng palabas na ang midyum ay telebisyon (“tele” + “serye”). Kung gayon, ano ang maaaring panukat sa pagtukoy ng isang panoorin kung papasok ito sa kategorya ng pagiging isang “teleserye”?

Sa isang hindi pa nalalathalang artikulo nina Morit at Verana (2021), nagkaroon ng pagkukumpara sa teleserye (na tinawag nilang “Filipinobela”) at Koreanovela, mga seryeng mula sa bansang Korea. ginamit nila ang mga elemento ng sineng Filipino upang maging gabay sa pagtatanong sa kanilang mga kalahok sa focus group discussion (FGD):

Mula rito, magkakaroon ng diskusyon sa mga pagtingin ng estitiko o kagandahan ng Koreanobela at Filipinobela upang sa pamamagitan nito makikita ang pagkakaibang paraan ng dalawang bansa sa pagsasagawa ng teleserye bilang komoditi sa industriya ng pelikula: 1) Direksyon sa Pagkamakatotohanan, 2) Sining ng Pagkakasulat, 3) Kagamitang Teknikal at Biswal, 4) Sining sa Paghahati ng Eksena, 5) Musika, 6) Sining ng Karakterisasyon. (p. 10)

Kapansin-pansin na ang tuon ng mga inilistang elemento ay mas sa estetika sa paglikha ng teleserye (at sa paglikha ng pelikula). Subalit ang pagiging ikoniko ng teleserye ay higit na nakaatang sa pagtangkilik ng publiko sa taglay nitong kuwento. Para kay Sánchez (2022), bagaman paglilina niya na arbitrario lamang ang pamantayang kaniyang nabuo, may tatlong rason sa pagturing niya sa ilang teleserye, partikular na ang *Flordeluna* (1979-1986), *Mara Clara* (1992-1997), *Villa Quintana* (1995-1997), at *Pangako Sa'yo* (2000-2002) bilang mga kanon: (1) ang pagiging pormatibo sa genre ng Pinoy soap opera. Sinunod ng mga nabanggit na teleserye ang mga kumbensiyon at tradisyon subalit naglagay pa rin ng mga pagbabago at inobasyon sa pag-usad ng kuwento; (2) ang dami ng naging tagasunod at manonood na masusukat sa naging mga tagahanga ng serye at sa mga artistang kabilang dito gayundin ang *ratings* nang umere ang mga ito sa TV; at (3) ang paglikha ng remake. Inilista rin ni Sánchez (2022), ang mga tema at katangiang kalimitang makikita sa mga kanonisadong teleserye: mahaba at detalyadong pagkukuwento, talaban ng mga puwersa, mga batang biktima ng mga pagkakamali, mga kuwento ng paghahanap ng identidad, ng pang-aapi at paghihiganti, at ng pinaghihiwalay na pag-ibig.

Sinasang-ayunan din ng iba pang mga eksperto ang obserbasyong ito ni Sánchez. Sa dokumentaryong *Si Maya, si Sir Chief, at ang Teleserye* (Cruz, 2013), iba't ibang panayam mula sa mga eksperto, manunulat, mga miyembro ng produksiyon, at mga artista ang nagbigay ng kanilang pagbasa at pagsusuri sa kultura at kasaysayan ng teleserye sa Pilipinas. Tinalunton nito ang kasaysayan ng teleserye—mula sa soap opera sa radyo hanggang sa isilang ang anyong kilala ng manonood sa kasalukuyan—at hinanap ang rason sa pagiging patok ng umeere noong *Be Careful with My Heart*.

Inihayag dito na melodrama ang pormat na sinusunod ng Pinoy teleserye. Ibig sabihin, sa pagbuo ng mga tauhan, malinaw ang protagonista at antagonist dahil para sa isang de-seryeng panoorin, mas madali itong masusundan. Gayunpaman, sa panayam ng nasabing dokumentaryo kay Ricky Lee na noon ay creative consultant pa ng ABS-CBN, sa katotohanan naman ay walang tao/tauhanang black and white bagaman mahirap ding timplahin ang teleserye kaya mas mataas ang posibilidad ng pagbalik sa reassurance o sa pormula (Cruz, 2013). Ang tinutukoy na pormula ay ang pagiging dramatiko ng mga eksena at ang reassurance na ito ay nagmumula naman sa pamilyaridad ng manonood sa isinasalaysay ng isang partikular na panoorin o palabas. Sinasalamin

ng mga drama at kuwentong ito ang materyal na realidad ng ating lipunan. Sa kaso ng *Barangay 143*, sa pamamagitan ng salsaysay ng paghahanap ni Bren Park sa kaniyang tunay na ama, naisisiwalat din ang salimuot hinggil sa isyu sa paghahanap ng sarili nating identidad; o sa mga pagkakataong tinatalakay ng Pinoy anime ang sindikatong may kontrol ng mga liga sa Maynila, inihaharap din sa manonood ang mga sosyo-politikal na usaping pumapalibot sa mga organisadong krimen.

Bagaman hindi pa maituturing na kanonisado ang *Barangay 143* kung pagbabatayan ang dalawa sa tatlong pamantayang nabanggit ni Sánchez partikular na ang dami ng “tagasunod” at ang mga nalikhang “remakes,” natutumbok naman ng anime ang mga “pormula” at mga kumbensyon lalo na ang kadalasang mga temang taglay ng isang melodramatikong de-seryeng panoorin. Halimbawa, isa sa mga popular na temang panteleserye ang pangunahing tumulak sa tauhang si Bren upang simulan ang kaniyang pakikipagsapalaran—ang paghahanap sa kaniyang tunay na identidad. Sa Episodyo 2 (“The Truth About You”) (Flores & Saha, 2018b), sa pamamagitan ng isang eksenang kaparis sa Mara Clara, nabunyag ang kaniyang tunay na pagkatao; hindi sa isang talaarawan kundi sa isang liham na matagal na inilihim sa kaniya. Sa mga huling episodyo naman ng Season 1 (Episodyo 12-14) (Flores & Saha, 2019d; Flores & Saha, 2019e; Flores & Saha, 2019f), naganap ang mga flashback episode na nagbibigay-konteksto at nagtangkang kalagin ang buhol-buhol na komplikasyon sa buhay ng protagonista: ang kuwento ng kaniyang mga magulang, ang ugnayan ng mga tao sa Tondo sa kaniyang nakaraan at kasalukuyan, at ang iba’t iba pang lihim na unti-unting mabubunyag sa pag-usad ng serye. Sala-salabit din ang mga tunggaliang ipinakilala sa manonood sa simula pa lamang ng anime. Maliban sa agarang pagpapakita ng pagkamatay ni Basti, kapatid ni Vicky at isang rising basketball star, ipinakilala na kaagad ang trauma ni Bren na kakatawanin ng isang sentimental at dramatikong eksena sa isang pandaigdigang laban ng basketbol. Ito ang magsisilbing hudyat ng mahabang pagbabalik-tanaw upang ipakita ang pagkamatay ng buong pamilya ni Bren sa isang aksidente at ang pagbuntot sa kaniya ng kaluluwa ng namayapang nakababatang kapatid na nagsisilbing representasyon ng trauma na lalamon sa kaniya sa iba pang bahagi ng anime. Imumungkahi rin sa mga huling episodyo ang magiging papel ni Bren sa operasyon ng mga sindikatong kumokontrol sa mga liga ng basketbol sa Kamaynilaan na isa ring pamilyar na tema, paksa, o pinagmumulan ng suliranin sa popular na panoorin sa bansa.

Maliban sa mga komplikadong usapin na umiikot kay Bren, at dahil rin sa melodramatikong kalikasan ng teleserye, itinanghal din ng anime ang mga tunggaliang naganap sa iba pang mga tauhan. Halimbawa, dulot ng dalamhati na daladala pa rin ni Coach B, pinipili niyang gamitin ang Puzakals upang makapaghiganti. Si Wacks, na kalaban ni Bren sa puso ni Vicky ay matutuklasang may kapatid sa kaniyang ama.

Maaaring ituring na hindi makatotohanan ang mga komplikasyong inilatag ng anime lalo na at kung susuriing mabuti, maikli lamang ang saklaw na panahon sa pagsisimula ng unang episode hanggang sa huli. Ang halos nagpapatong-patong na mga suliraning ito ang nagbibigay-puwang upang maging melodramatiko ang mga susing eksena sa buhay ng mga tauhan, tulad sa isang karaniwang banghay na sinusunod ng tradisyunal na kuwento, nararating ang kapana-panabik na mga bahagi sa mga sandaling natutunghayan natin ang mga banggaan at tunggalian. Gayunpaman, hindi nangangahulugan na ang pagiging melodrama ng *Barangay 143* ay posibleng pagmulan ng kawalan ng mahusay na karakterisasyon. Sa katunayan, ang mga suliraning nagdudulot ng mga tagpong melodramatiko ang siyang nagpapakita ng pagiging buo ng mga tauhan partikular na ng protagonistang si Bren. Halimbawa, ang malagim na aksidenteng kinasangkutan ng kaniyang pamilya ang nagtulak sa kaniya na hanapin ang tunay niyang ama na magbubunsod sa pagkakilala niya sa koponan na magiging susi sa kaniyang pagkakakilanlan. Ibig sabihin, organiko at malinaw ang ugnayan ng mga tauhan at suliraning kanilang pinagdaraan kahit may salimuot ang nagpapatong-patong nitong mga detalye.

Ito rin ang mahika ng teleserye; palibhasa'y nakaugat sa komplikasyon din ng lipunang sinasalamin nito, masusundan at masusundan ang nilalakbay ng mga tauhan sa kabila ng mahaba at detalyado nitong pagkukuwento. Tulad ng binabanggit sa papel nina Morit at Verana (2021), mahalaga ang maayos at malinaw na transisyon sa bawat eksena at episode upang mapanatili ang interes ng manonood ito. Ginamit din nilang halimbawa ang pagkakaroon ng ekstensiyon sa ilang mga patok na teleserye tulad ng *Ikaanim na Utos* (2016) at *Anna Karenina* (2013) ng GMA 7. Sa kaso ng *Barangay 143*, ginamit nang husto ang teknik na natutulad sa kinasanayang mga teleserye. Halimbawa, sa pagitan ng Episode 1 (“Mr. Unstoppable”) (Flores & Saha, 2018a) at Episode 2 (“The Truth About You”) (Flores & Saha, 2018b), mabubunyag sa pamamagitan ng isang liham ang identidad ni Bren at ang mismong pagbabasa ng liham ang siyang transisyon. Samantala, nagsilbi namang

cliff-hanger sa mga Episodyo 12-14 (“Walang Forever,” “Just Call Me Miguel,” at “Mahal na Mahal Kita”) (Flores & Saha, 2019d; Flores & Saha, 2019e; Flores & Saha, 2019f) ang serye ng mga flashback upang bigyan naman ng konteksto ang nakalipas ng ilan sa tauhang may mabigat na papel sa buhay ng protagonista bagaman ang buong Episodyo 13 ay inilaan nilang isang buong flashback episode.

Kung pagbabatayan sa mga pangunahing katangian ng isang teleserye, ito ang tiyak na nagbibigay ng pagka-“teleserye” sa isang teleserye. Sapagkat de-serye nga, sadya ang nakabibiting pagputol na naratibo sa isang episodyo na madalas ay sa mga melodramatikong eksena tulad na lamang ng pagkamatay ng buong pamilya ni Bren sa isang aksidente (Episodyo 1), ang sikretong ibinunyag ng liham sa gitna ng pagluluksa ni Bren (Episodyo 2), at ang pagbisita ng kasintahan ni Bren sa Korea na si Jinri sa Pilipinas habang iminumungkahi ang namumuong tinginan sa pagitan ni Bren at ni Vicky (Episodyo 10). Gayundin naman, nagsisilbi ring transisyon ang pagpasok ng mga bagong suliranin habang may nasosolusyunan nang nauna. Sa Episodyo 11 (“She’s Just My Friend”) (Flores & Saha, 2018c), inamin ni Wacks ang kaniyang tunay na nararamdaman kay Vicky kahit batid ni Vicky na may pagtingin na siya kay Bren at sa pagdating ni Jinri, mayroon ding pagpapasilip sa kaugnayan ng Koreana sa operasyon ng sindikato sa mga liga ng basketbol sa Maynila. Sa unang tingin, maaaring makita ang mga ito bilang sala-salabat na suliraning nagpsalimuot sa mas payak sanang banghay ng palabas. Subalit ayon kay Ricky Lee, Pambansang Alagad ng Sining para sa Pelikula at Sining Pambroadcast, ito ang katangiang nagbibigay ng humaling sa teleserye sapagkat ang mga ito ay maiikling suliraning agad ding nasosolusyonan (Cruz, 2013).

Ang mga teknik na ito sa pagsasalaysay ng isang teleserye ay malinaw na matatagpuan sa *Barangay 143*. Gayunpaman, malaki ang epekto ng mga kahingiang teknikal ng isang produksiyong animated sa daloy ng pagkukuwento ng mismong anime. May mga pagkakataong salungat ang nararapat sa eksena sa dapat sana ay angkop na background o paglalarawan sa oras. Sa Episodyo 7 (“Women’s Basketball Tryout”) (Flores & Saha, 2018d), ang umaga at gabi ay nasa iisang eksena lamang; sa Episodyo 9 (“Uy, Shooting Star, oh!”) (Flores & Saha, 2019a), sa eksena sa pagitan sana ng isang matapat na usapan sa pagitan nina Coach B at Bren, makikita ang hindi pagkakapareho sa background sapagkat sa una ay walang tao sa basketball court subalit sa isang napakabilis na sandali, nagkaroon ng pagpapalit sa isang court na punumpuno ng tao; at sa

Episodyo 10 (“No Harm! No Foul!”) (Flores & Saha, 2019b), makikita ang mga manonood na tila tuod at walang reaksiyon habang nagaganap ang isang mainit na komprontasyon sa pagitan nina Bren at Vicky.

May epekto ang ilang kinakailangan pang teknikal na pagpapaunlad sa mas buong pag-unawa ng manonood sa mga layuning nais iparating ng *Barangay 143*. Sa mga anime ng Japan, metikuloso ang paglikha ng mga ito sapagkat napakahalaga sa mga ganitong uri ng panoorin ang world-building lalo na sa mga anime na may mga simulaing teksto tulad ng mga manga. Sa kaso naman ng mga teleserye, nagiging popular rin ang mga ito sa social media at pinupuna pa nga ang mga dayalogong hindi angkop para sa mga eksena o karakterisasyong hindi sumasalamain sa dapat makita ng mga manonood. Kaya kabilang sa pagsusuri ng kalidad ng nililikhang teleserye sa Pilipinas ang karakterisasyon, paghahati ng eksena, at ang direksiyon ng pagkamakatotohanan gayundin ang paglalaan ng sapat na pagpopondo sa mga ganitong produksiyon sapagkat ang mga ito ang mga elementong naglalapit sa teleserye bilang isang karanasan at hindi lamang panooring nagsisilbing “pagtakas” tulad ng binanggit ng mga eksperto sa dokumentaryo ni Cheche Lazaro (Cruz, 2013).

Ang *Barangay 143* bilang Anime

Kung ikakabit lamang sa pinakapayak na pagpapakahulugan bilang animasyon ang *Barangay 143*, totoong ito ay isang produksiyong kinatatampukan ng mga larawang-guhit na pinagagalaw o moving images. Subalit hindi pa rin maiiwasan ang paghahambing ng kalidad nito sa mga katulad na produksiyon sa Japan at sa iba pang mga bansa lalo na at naging sikat sa Pilipinas ang isa ring anime na nagtatampok sa basketbol, ang *Slam Dunk*. Gayunpaman, sa paglalarawan ng grupo sa likod ng produksiyon ng *Barangay 143*, mabusisi at hindi naman basta-basta ang kanilang naging paglikha sa binansagan nilang unang Pinoy anime.

Ang *Barangay 143* Bilang Isang “Shōnen”

Iba-iba ang pamantayang ginagamit ng maraming mananaliksik at eksperto sa pag-uuri o kategorisasyon ng anime. Kalimitan, inuuri ito sa target nitong manonood. Ayon kay Denison (2015):

The terms most frequently used to divide up anime in Japan, however, do not originate with anime, but are borrowed from the language used to describe manga’s market niches. Hence, in Japan, the most frequently

(and confusingly) applied categories of anime map its intended audiences. (p. 24)

Dagdag pa niya: “anime is for everyone in Japan, but not every show is aimed at everyone—there are genres for most age groups, genders and sexual orientations, and anime’s genres often reflect industrial categories” (p. 24). Tinutukoy niya ay ang sumusunod: *shōnen*, anime na para sa mga batang lalaki; *shōjo*, para sa mga batang babae; *seinen*, para sa mga lalaking young adult; at *josei*, para sa mga babaeng young adult. Bawat pag-uuring ito, dahil nakabatay sa target na manonood o tagatangkilik, ay may pagkakaiba-iba rin sa katangian at nilalaman (Cho et al., 2016). Halimbawa, ang mga *seinen* na *One Punch Man* at *Attack on Titan* ay mas marahas kumpara sa *shōnen* na *One Piece* na nakatuon naman sa pakikipagsapalaran.

Tampok sa *Barangay 143* ang basketbol. Sa pag-uuri ng anime, kung nagtatanghal ito ng isang partikular na gawaing pampalakasan o sports, kalimitang napapailalim ito sa *shōnen*. Ilan sa mga kilalang manga (komiks) at anime na nasa categoryang ito ay ang *The Prince of Tennis* (tennis), *Eyeshield 21* (American football), *Whistle!* (soccer), at maging iyong nagtatampok ng combat sports tulad ng *Baki the Grappler* (martial arts) (Drummond-Mathews, 2010). Gayunpaman, hindi makukulong sa isang espesipikong categorya ang lahat ng anime dahil iba ang intended na manonood sa tunay na tumatangkilik. Sa kaso ng *Full Metal Alchemist*, halimbawa, nilikha itong *shōnen* subalit dahil sa kasikatan nito (pruweba ang dalawang beses nitong adaptasyon bilang isang anime at paglikha ng dalawang pelikula mula sa manga), naging paborito rin ito ng mga babaeng manonood (Denison, 2015).

Batay sa artikulo ni Drummond-Mathews (2010) hinggil sa *shōnen*, isa ang sports sa genre na pinakapopular. Isa rin sa pinakasikat dito ang *Slam Dunk* na sinasabing inspirasyon ng unang Pinoy anime (Ramos, 2018). Gayunpaman, malawak pa rin ang saklaw na naratibo o pagsasalaysay ng categoryang ito ng anime—mula sa sports anime hanggang sa mga anime na nagtatampok ng pakikipagsapalaran o *adventure*, maging iyong naglalarawan ng aksyon. Subalit sinasabi ni Drummond-Mathews (2010) na sa lahat ng mga nabanggit, ang komon na elemento ay ang pagkakaroon ng protagonistang lalaki ng kuwentong nakapadron sa paglalakbay ng isang bayani ni Campbell (2004): (1) *call to adventure*, ang pagdating ng hamon o suliranin; (2) (*refusal of the call*), ang pagtanggi ng protagonista bagaman mahihikayat pa rin siyang makipagsapalaran; (3) *crossing the threshold*, ang pagtawid sa

daigdig ng protagonista tungo sa isang banyagang mundo; (4) *initiation*, ang pagharap sa mga pagsubok, at (5) *the return*, ang pagbangon ng protagonistang may baong bagong lakas. Bawat bahagi ay kumakatawan sa paglisan ng pangunahing tauhan, ang pagtuklas ng kaniyang lakas, at ang paggamit ng natuklasang lakas. Naiiba lamang ang mga protagonista ng *shōnen* kaysa mga *hero* ng mga Kanluraning bansa sa haba o tagal ng pagbababad ng salaysay sa initiation phase ng protagonista. Ipinaliwanag ni Drummond-Mathews (2010) ang obserbasyong ito:

In manga, however, character takes center stage [emphasis added]. Once the character crosses the threshold, she will stay in the initiation phase for a long period of time, often for the entire series, until the culmination in which she may or may not succeed in defeating her enemy, but she will definitely be changed. The manga hero will have grown, matured, and learned something that not only enriches herself but also the world around her. It is for that reason that the manga hero has such an enduring and expansive popularity. Readers do not spend the bulk of their lives in the redemptive phase of the journey. Real life is spent predominantly in the initiation, learning, growing, and having struggles and trying to overcome them (p. 73-74).

Ang paglalarawang ito ay lantad sa pagsisimula ng *Barangay 143*. Lima sa mga episodyo nito (Episodyo 7-11) (Flores & Saha, 2018; 2019) ang malinaw na nagsasalaysay sa initiation phase sa buhay ni Bren. Sa bahaging ito ng anime, inilalantad ang protagonista sa iba-ibang pagsubok na haharapin niya pagdating sa Tondo, Maynila. Una, ang muling pagkikita nila ni Vicky Sebastian, isang Pilipinang nakilala niya sa Korea at nakahulugan ng loob. Ikalawa, ang sapilitang pagharap ni Bren sa iniwasan niyang isports, ang basketbol, dahil sa pagnanais niyang maturuan ang isang batang taga-Tondo. Ikatlo, ang biglaang pagbisita ni Jinri, ang kaniyang kasintahan, sa Maynila. Huli, ang namumuong love triangle sa pagitan ni Bren, ni Vicky, at ni Wacks Ramirez, ang lider ng koponang magiging pangunahing katunggali ng Puzakals. Gayunpaman sa pagsusuri ng 14 na episodyo ng unang season, maliban sa mahabang initiation phase, naobserbahan din ang iba pang mga bahagi ng hero cycle.

Tulad ng inaasahan sa isang *shōnen*, may pagtatangka rin ang *Barangay 143* na patampukin ang aksiyon bilang isa sa mga sentral nitong katangian. Para sa mga kilalang anime na nasa katulad na uri o genre, palaging kasama sa naratibo nito ang paglalagay ng mga episodyo o bahagi na maghaharap-harap ang magkakalabang pangkat kung saan naipapamalas ng protagonista ang kaniyang lakas at kakayahan gayundin ang posibilidad ng paglalantad ng kaniyang kahinaan. Halimbawa sa ganitong mga tagpo ang *Dark Tournament Arc* ng *Yu Yu Hakusho* (Nunokawa, 1992-1995) kung saan maipapakilala ang mga ikonikong tauhang si Toguro at ang kapatid nito at ang ikonikong slam dunk ni Hanamichi Sakuragi sa anime na *Slam Dunk* (Iwamoto & Nakamura, 1993-1996) na naging sanhi upang maging kuwalipikado ang kanilang pangkat para sa national basketball tournament.

Sa kaso ng *Barangay 143*, dahil nga isang anime tungkol sa basketbol, may mga eksena ng pagtatagpo-tagpo ng mga nagtutunggaling koponan. Sa Episodyo 6 (“1-4-3 Bira!”) (Flores & Saha, 2018c), unang lumabas si Bren bilang bagong miyembro ng Puzakals kung saan naging susi siya sa pagwawagi ng kanilang team laban sa katunggaling Bayawaks. Dito itinanghal ng protagonista ang kaniyang husay sa basketball court, sa estilo ng barangay liga sa Pilipinas kumpleto kasama ang commentator at banda na nagtapos sa isang makapigil-hinigang slam dunk. Samantala, sa Episodyo 9, mapapanood naman ang laban sa pagitan ng Blue Valley Lions, ang koponan ng karibal ni Bren Park na si Wax Rivera, at ng Green Monkeys. Matatalo ang pangkat ni Rivera, dahilan upang lalong maipakita ang mga katangiang maglalarawan sa kaniya bilang potensyal na antagonist sa buhay ni Bren Park.

Pagbibinyag sa “Pinoy Anime”

Sa kabila ng pagtugon sa mga inaasahang katangian ng isang *shōnen*, wasto ba na ito lamang ang maging batayan upang tawaging anime ang *Barangay 143*?

Kung tutuusin, matagal na ang industriya ng animation sa Pilipinas. Sa pagtalunton ni Tolentino (2001) sa kasaysayan nito at tulad na rin sa nabanggit sa mga unang bahagi ng papel, mga komikero ang unang naging mga tagalikha ng animated na mga materyal sa Pilipinas. Binanggit niya na kalaunan, nagamit ito ng rehimen ng nakatatandang Marcos bilang propaganda, at sa hanay naman ng mga kritiko nito ay bilang mga materyal na nagpapakita ng subersyon. Sa panahon ding ito naging talamak ang subkontraktwalisasyon upang maakit ang mga dayuhang negosyo. Gayunpaman, kahit may mga pagtatangka na ng


komersiyal at malawakang pagpapalabas ng mga pelikulang animated pagkatapos ng Rebolusyong EDSA, nananatiling matamlay ang mga ito. Higit lamang naging aktibo ang produksiyon sa pagpasok ng bagong milenyo na makikita sa halos sunod-sunod na pagpapalabas ng animated films sa mga sinehan: *Urduja* (2008), *Dayo: Sa Mundo ng Elementalia* (2008), at *RPG: Metanoia* (2010). Ang mga pelikula ay pawang inspirado o gumamit ng mga elemento ng mitolohiya at poklorikong Filipino habang ang huling dalawang nabanggit ay mga naging opisyal na entry pa sa Metro Manila Film Festival o MMFF sa mga edisyon sa kani-kanilang mga taon ng release.

Mayroon din namang mga sumunod pa pagkatapos nito tulad ng *Saving Sally* (2016; Rocketsheep Studio) at *Hayop Ka!: The Nimfa Dimaano Story* (2020; Netflix) na mas kontemporanyo ang mga tema. Gayundin naman, nanatiling aktibo sa pagpapalabas ng mga produksiyong independent ang Cinemalaya, Animahenasyon, at iba pang pistang pampelikula. Subalit wala sa mga ito ang nagtangkang magbansag o magtaguri sa kani-kanilang mga sarili bilang anime o kahit Pinoy anime.

Bago pa man ilahad ng production team sa likod ng *Barangay 143* ang kanilang naging proseso sa paglikha ng “Pinoy anime”, samot-saring balita at *press releases*

Figura 2

Publicity Material ng *Barangay 143*



Tala. *Barangay 143*, 2019, Facebook

ang inilabas upang ianunsyo ang paglikha sa isang anime na “para sa mga manonood na Pilipino”. Una itong iniulat sa Nikkei Asia Review noong Setyembre 2016, kung saan binanggit nito na ang TV Asahi, ang kompanyang nagpopularisa sa ilang kilalang anime tulad ng *Doraemon* at *Slam Dunk*, ay lilikha ng isang panoorin hinggil sa basketbol at ang tagpuan ay sa Pilipinas (Ito, 2016). Idinagdag din ng nasabing ulat na layunin din ng proyekto ang pagpapalawak ng kolaborasyon ng nasabing kompanya sa iba’t ibang bansa upang makapagpalabas ng mga panooring nagtatampok ng

kulturang lokal habang nagtataguyod din ng higit pang pagtangkilik sa *Japanese anime*.

Malaking salik din ang agresibong marketing sa pamamagitan ng social media at iba't ibang media event upang maipakilala ang *Barangay 143* bilang isang anime. Sinusugan ito ng paglalabas ng mga lumikha nito ng isang eksklusibong mini-dokumentaryong tampok ang pagbuo ng unang Pinoy anime (Barangay 143, 2020), mga mall show tampok ang mga nagbigay-tinig sa mga tauhan at iba pang bahagi ng produksiyon nito, paglalabas ng orihinal na soundtrack na inawit ng sikat na rapper na si Gloc-9, at marami pang iba. Ang ganitong malawakang media marketing para sa *Barangay 143* ay hindi na nakapagtataka dahil, maliban sa pagiging bahagi ng anime sa media consumption ng maraming Pilipino, taktika rin ito sa lalo pang pagpapataas ng engagement ng publiko sa anyo ng materyal na ineendorso (Bryce et al., 2010). Mapapansin ito sa naging trending na usapan sa social media at sa mga balita nang ianunsiyo ang adaptasyong live action ng mga naging popular na anime sa Pilipinas tulad ng *YuYu Hakusho* (2023; Netflix) at *Voltes V: Legacy* (2023; GMA 7) gayundin ang adaptasyon ng *Trese* (2021; Netflix), isang Pinoy *graphic novel*, tungo naman sa anime.

Sa pinakabatayang pagsipat ay may dalawang puwersang nagbibinyag sa pagiging anime ng Barangay 143. Una, ang pagpipinansiya ng kompanyang TV Asahi sa produksiyon nito. Sapagkat isa ngang kompanyang Hapon, madali ang “pag-angkin” sa katawagang anime. Maiihalintulad ito sa naging pagsisimula ng paggamit ng “teleserye” sa Pilipinas sa pamamagitan ng *Pangako Sa’Yo* ng ABS-CBN. At ikalawa, ang ekstensibong paggamit ng katawagang anime sa iba't ibang daluyang may akses ang publiko upang higit na makahikayat ng mga tagatangkilik at manonood.

Subalit marami man sa mga manonood ang nagpahayag ng kanilang pagkalugod sa pagpapalabas ng unang Pinoy anime, mayroon ding nagbahagi ng kanilang pagkadismaya rito tulad ng maiikling rebyu na isinama sa naunang bahagi ng papel. Gayunpaman, salungat sa inaasahan, karamihan sa mababasang komento at mungkahi sa *Barangay 143* ay hindi tungkol sa kawalan ng kalidad ng *animation* nito. Sa halip, naging tuon ng mga reaksiyon ang tema at ang daloy ng pagkukuwento. Sa mga komentong matatagpuan sa IMDb, tinawag itong “too much drama” at “like a teleserye” (austriaalex, 2022; kervindonngo, 2023). Sa ilan pang social media site, binansagan naman itong stereotypical Filipino drama. Samakatuwid, mayroong mga nakatakdang katangian ang salaysay

ng isang anime para sa manonood na Pilipino at para sa kanila, hindi nakatugon ang *Barangay 143* sa mga takdang katangiang ito. O maaari rin namang kabaligtaran nito - para sa manonood, nakatugon ang *Barangay 143* sa kuwentong inaasahan sa para sa tipikal na teleserye.

Sa kabila ng mga puna sa *Barangay 143* bilang isang anime, may ilan ding mga tagahanga ang nagpahayag ng kanilang pagtitiwala sa potensiyal nito at sa pagkakaroon nito ng mga elementong pasok pa rin sa anime bilang popular na anyong sining. Sa gabay ng iskema-teoretikal na dulong, sinasabing ang kumokonsumo ay may takda nang mga pamantayan sa pag-unawa ng bagong tekstong inihaharap sa kanila (Bruun, 2010; Matthes, 2008; Potter et al., 2002). Sinasabing may mga estrukturang bahagi na ng kamalayan ng indibidwal at ito ang kanilang ginagamit sa pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang materyal na kanilang kinokonsumo (Matthes, 2008). Maaaring ganito ang naging danas ng mga manonood na Pilipino. Sa mahabang panahon ng kanilang pagkakalantad at pagkonsumo sa mga de-seryeng panoorin at sa mga ineereng anime sa telebisyon noon hanggang sa mga daluyang digital ngayon, hindi maiiwasang nakapagtatakda na sila sa mga elementong dapat asahan sa panonood ng mga ito. Para sa *Barangay 143* na isang produksiyong umaangkin sa titulong unang anime sa bansa, may mga taglay itong ekspektasyon tulad sa anomang label sa anyo o genre sa mga panooring inihahain ng malalaking himpilan gaya halimbawa ang paggamit ng taguring *fantaserye* o *aksyonserye* sa mga teleserye o ng pagbansag sa isang anime bilang *shōnen*. Subalit dulot ng napakalimitado o kakaunting panooring animated na gawang Pilipino na nalilikha at naitatanghal sa malawak na publiko sa ating bansa, hindi pa lubusang nasasaliksik ang larangang ito lalong-lalo na iyong mga detalye o elemento (sa dulong iskema-teoretikal ay tinatawag na *schemata*) na makatutulong sa mas malalim na pagsusuri sa pagtanggap ng manonood na Pilipino sa mga produksiyong natutulad sa *Barangay 143*.

Sa isang banda, maaari ring gamiting sipatin ang usapin ng adaptasyon na kasangkapan sa pagbibinyag sa *Barangay 143* bilang anime. Sa isang papel ni Santos (2005), tinukoy niya na isa sa mga paraan ng “pag-aangkin” ng mga banyagang panoorin ang adaptasyon. Sang-ayon sa kaniya, dalawa ang paraan sa adaptasyon ng bansa sa mga dayuhang materyal na ipinalalabas sa telebisyon: (1) *minimal adaptation* at (2) pormat *re-versioning*. Tumutukoy ang una sa mga programang dumaraan lamang sa minimal na pagbabago tulad ng dubbing samantalang ang ikalawa naman ay iyong pag-aangkop ng dayuhang

pormat sa lokal nitong bersiyon (Santos, 2005). Subalit ang mga ito ay nakasasaklaw lamang sa mga programang may “sinusundang” *format* o padron o iyong mga may lisensya upang gawan ng lokal nitong bersiyon. Sa dalawang uring nabanggit, hindi maikakategorya ang *Barangay 143*. Una, hindi naman ito salin at *dubbed* sa Filipino dahil ito naman talaga ay nasa wikang Filipino. At ikalawa, ang lisensya o kاپirayt ay laan para sa mga disenyo ng karakter, mga produkto o brand name, iskrip, tunog o musika, at iba pang kaugnay na elemento. Samakatuwid, maituturing na orihinal ang *Barangay 143*.

Dulot ng nabanggit na kawalan ng kategorya sa adaptasyon (Santos, 2005), at ng inilalatag na saligan ng iskema-teoretikal na dulog, lumilitaw na ang *Barangay 143* ay naghahain ng isang oportunidad para sa Pinoy animation at sa mga estudyong lumilikha at nagpoprodyus ng mga katulad na produksiyon. Sa mga lokal na mga institusyon, napakayaman pa ng espasyo sa eksplorasyon hinggil pagtatagpo sa *Barangay 143* ng dalawang anyo ng panooring tinangkilik at patuloy na tatangkilikin ng mga Pilipino—ang anime at teleserye. Sa kabila ng naitala nang pag-ere sa telebisyon ng unang Pilipinong *animated series* (*Ang Panday* noong 1986), natatangi ang *Barangay 143* sapagkat narito ang isang anyo na itinuturing na dayuhan subalit tumatalima sa padron ng popular na panoorin sa bansa. Orihinal at hindi hinango ang kuwento sa isang umiiral na teksto. Kung nagluluwal ang teleserye ng iba-ibang genre nito sa pagdaan ng mga taon, baka panahon na rin ng pagsilang ng teleseryeng *animated*?

Pagsilang ng Isang Natatanging Anyo

Sinasabing supling ng pangangailangan ang paglikha at kung babalikan ang pag-usbong ng mga bagong anyo ng Pinoy teleserye, binabanggit ni Sánchez (2022) ang hinggil sa orihinalidad ng mga popular na panoorin sa telebisyon dahil pinauunlad ito ng nagbabagong panlasa ng manonood. Kinakailangang sumabay ang mga lumilikha ng mga palabas sa mabilis na pagpapalit-palit ng interes ng mga manonood lalo na sa pagiging mas aksesible ng midyang kanilang kinokonsumo. Ang mga panooring dating kailangang abangan sa telebisyon sa isang partikular na oras, ngayon ay maaari nang matunghayan anomang oras na naisin ng awdyens nito sa pamamagitan ng online streaming sa kanilang mga gadyet. Bahagi na rin ito ng nagbabagong estratehiya ng mga kompanya at himpilang namumuhunan sa drama lalo na at

nananatiling “entertainment heavy” ang pinakamalalaking kompanya ng midya sa Pilipinas (“Entertainment-heavy TV,” 2024).

Maliban sa pag-aaral sa pagtanggap at epekto ng mga panoorin tulad ng anime mula sa Japan at ng mga popular na dayuhang teksto, mahalagang mabigyan ng espasyo ang pagbasa at pagsusuri sa higit na kontemporaryong mga materyal na likha sa Pilipinas tulad na lamang ng *Barangay 143*. Hindi man ito sing-ikoniko ng mga banyagang katumbas nito, maaari itong maging maging batis ng pang-unawa sa nagbabagong estratehiya ng mga produkisyong mula sa labas na patuloy na nakaiimpluwensiya sa pagkonsumo ng midya ng mga Pilipino. Gayundin naman, nararapat ding tuklasin pa ang mayamang mina ng mga diskurso, sa espasyo ng mga rebyu, komento, at iba pang katulad na daluyan sa social media, na nagpapatunay sa dinamikong panlasa at pag-unawa ng mga manonood sa mga materyal na kanilang kinokonsumo.

Patunay ang mga komento at puna sa *Barangay 143* sa iba’t ibang mga social media site at sa mga *website* na naglalathala ng mga rebyu na ang manonood ay hindi mangmang sa kaniyang natutunghayan (austriaalex, 2022; kervindonngo, 2023). Ito ay sapagkat sa katotohanan, labis niyang nauunawaan ang nais ng kaniyang panlasa kaya nababatid niya ang hangganang nagbibigay ng malinaw na hati sa pagitan ng anime at ng teleserye at maging ang pagtatagpo ng mga ito. Batay sa naging pagsipat sa mga katangian ng anime bilang isang masalimuot na penomenong global at ng teleserye na patuloy namang hinuhugis ng iba’t ibang salik panlipunan sa bansa, naroon ang potensiyal ng *Barangay 143* na matulad sa kapalarang nangyari sa soap opera ng Estados Unidos, ng telenovela ng Latin America, at ng anime ng Japan nang dumating ang mga anyong ito sa Pilipinas. Nasa maaga pang yugto ang pagpapalabas at produksiyon ng Pinoy anime subalit natatangi ang hinawang landas ng *Barangay 143* sapagkat ginamit ang pamilyar na midyum ng animation habang isinasalaysay naman nito ang kuwento ng mga Pilipino na gaya ng teleserye. Bagaman kinakailangan pa ng pagpapaunlad sa aspektong teknikal at ang pagdaragdag ng suporta mula sa iba’t ibang institusyon, hindi naman mapasusubalian ang kontribusyon ng *Barangay 143* sa patuloy pang nagbabagong larawan ng animation at television programming sa Pilipinas.

References

- 1st Pinoy animé gets good rating. (2018, October 29). *The Philippine Star*, D5.
- Adobo Magazine. (2023, September 26). Tracing the history and success of anime in the Philippines. <https://www.adobomagazine.com/philippine-news/history-of-anime-in-philippines/>
- austrialex. (2022, August 4). *It's like a teleserye* [Review of *Barangay 143*]. IMDb. https://www.imdb.com/review/rw8398601/?ref_=tturv_perm
- Barangay 143. (2020, December 8). *Mga ka-barangay! Gising pa ba kayo? Ito na ang exclusive na handog ng Barangay 143! Panoorin ang B143 EXCLUSIVE: THE* [Video attached]. Facebook. <https://www.facebook.com/watch/?v=1067181440394694>
- Barangay 143. (2018). *Heto na ang official poster ng inaabangang first Filipino anime series, ang Barangay 143! Mapapanood ito sa inyong mga telebisyon* [Online Poster]. Facebook. <https://www.facebook.com/Brgy143/posts/pfbid08buWLUr84pdfXLwK2KNu4EdAmETjsHkjuoew1ggSG5RvwKSpDazLLHz4L8gF4hLXI>
- Barangay 143. (2019). *Today in Philippine anime history* [Online Poster]. Facebook. <https://www.facebook.com/Brgy143/posts/pfbid08buWLUr84pdfXLwK2KNu4EdAmETjsHkjuoew1ggSG5RvwKSpDazLLHz4L8gF4hLXI>
- 'Barangay 143' streams on POPTV Pinas this November. (2020, November 8). GMA Entertainment. <https://www.gmanetwork.com/entertainment/showbiznews/news/70927/barangay-143-streams-on-poptv-pinas-this-november/story>
- Bravo, M. B. C. (2012). *Japanese cultural influence in the Philippines through animé's popularity and pervasiveness* [Unpublished doctoral dissertation]. Waseda University.
- Bryce, M., Barber, C., Kelly, J., Kunwar, S., & Plumb, A. (2010). Manga and anime: Fluidity and hybridity in global imagery. *Electronic Journal of Contemporary Japanese Studies*.
- Bruun, H. (2010). Genre and interpretation in production: A theoretical approach. *Media, Culture & Society*, 32(5), 723–737. <https://doi.org/10.1177/0163443710373950>
- Bolton, C. (2018). *Interpreting anime*. University of Minnesota Press.
- Campbell, J. (2004). *The hero with a thousand faces* (Commemorative edition). Princeton University Press.
- Ching, M. A. (2019, August 13). *Pinoy Big Brother and its memorable real-life drama*. PEP.ph. <https://www.pep.ph/peptionary/143496/pinoy-big-brother-and-its-memorable-real-life-drama-a738-20190813-lfrm?s=8l315ikgen9fa9pjcekr9bq67i>
- Cho, H., Disher, T., Lee, W.C., Keating, S. A., & Lee, J. H. (2016). Facet analysis of anime genres: The challenges of defining genre information for popular cultural objects. *Knowledge Organization*, 45(6), 484–499. <https://doi.org/10.5771/0943-7444-2020-1-13>
- Cruz, B. (Writer). (2013). *Si Ser Chief, si Maya, at ang teleserye* [Ser Chief, Maya, and the teleserye] [Documentary]. Unlimited Productions, Inc; ABS-CBN News and Current Affairs.
- Denison, R. (2015). *Anime: A critical introduction*. Bloomsbury Publishing.
- Drummond-Mathews, A. (2010). What boys will be: A study of shōnen manga. In T.J. Woods (Ed.), *Manga: An anthology of global and cultural perspectives*. 62–76. Continuum.

- Entertainment-heavy TV. (2024, June 3). Media Ownership Monitor Philippines 2023. <https://www.philippines.mom-gmr.org/en/media/tv/>
- Florentino, M. P. P. (2018). Re-animating Philippine cinema: For Filipinos, by Filipinos. *The Reflective Practitioner*, 3, 37-57. <https://cas.upm.edu.ph/journals/index.php/the-reflective-practitioner/article/view/44>
- Flores, K. (Writer), & Saha, J. (Director). (2018a, October 21). Mr. Unstoppable (Season 1, Episode 1) [TV series episode]. In J. Saha, B. Chong, & J. Chua (Executive Producers), *Barangay 143*. TV Asahi; August Media; Synergy88.
- Flores, K. (Writer), & Saha, J. (Director). (2018b, October 28). The truth about you (Season 1, Episode 2) [TV series episode]. In J. Saha, B. Chong, & J. Chua (Executive Producers), *Barangay 143*. TV Asahi; August Media; Synergy88.
- Flores, K. (Writer), & Saha, J. (Director). (2018, November 25c). 1-4-3 bira! (Season 1, Episode 6) [TV series episode]. In J. Saha, B. Chong, & J. Chua (Executive Producers), *Barangay 143*. TV Asahi; August Media; Synergy88.
- Flores, K. (Writer), & Saha, J. (Director). (2018d, December 02). Women's basketball tryout (Season 1, Episode 7) [TV series episode]. In J. Saha, B. Chong, & J. Chua (Executive Producers), *Barangay 143*. TV Asahi; August Media; Synergy88.
- Flores, K. (Writer), & Saha, J. (Director). (2019a, May 26). Uy, shooting star oh! (Season 1, Episode 9) [TV series episode]. In J. Saha, B. Chong, & J. Chua (Executive Producers), *Barangay 143*. TV Asahi; August Media; Synergy88.
- Flores, K. (Writer), & Saha, J. (Director). (2019b, June 09). No harm! No foul! (Season 1, Episode 10) [TV series episode]. In J. Saha, B. Chong, & J. Chua (Executive Producers), *Barangay 143*. TV Asahi; August Media; Synergy88.
- Flores, K. (Writer), & Saha, J. (Director). (2019c, June 09). She's just my friend (Season 1, Episode 11) [TV series episode]. In J. Saha, B. Chong, & J. Chua (Executive Producers), *Barangay 143*. TV Asahi; August Media; Synergy88.
- Flores, K. (Writer), & Saha, J. (Director). (2019d, June 16). Walang forever (Season 1, Episode 12) [TV series episode]. In J. Saha, B. Chong, & J. Chua (Executive Producers), *Barangay 143*. TV Asahi; August Media; Synergy88.
- Flores, K. (Writer), & Saha, J. (Director). (2019e, June 23). Just call me Miguel (Season 1, Episode 13) [TV series episode]. In J. Saha, B. Chong, & J. Chua (Executive Producers), *Barangay 143*. TV Asahi; August Media; Synergy88.
- Flores, K. (Writer), & Saha, J. (Director). (2019f, June 30). Mahal na mahal kita (Season 1, Episode 14) [TV series episode]. In J. Saha, B. Chong, & J. Chua (Executive Producers), *Barangay 143*. TV Asahi; August Media; Synergy88.
- Garcia, N. (2022, September 20). Why did Marcos ban "Voltes V" during martial law? *Philstar Life*. <https://philstarlife.com/news-and-views/746701-why-did-marcos-ban-voltes-v-during-martial-law>

- Ito, M. (2016, September 25). *Asian partners help anime cast broader spell outside Japan*. Nikkei Asia. <https://asia.nikkei.com/NAR/Articles/Asian-partners-help-anime-cast-broader-spell-outside-Japan>
- Iwamoto, T. & Nakamura, S. (Executive Producers). (1993–1996). *Slam dunk* [TV series]. Toei Animation; Toei Doga.
- kervindonngo. (2023, January 8). *Too much drama, not enough basketball* [Review of *Barangay 143*]. IMDb. https://www.imdb.com/review/rw8787014/?ref_=tturv_perm_2
- Lent, J. A. (2004). The “sleeper” status of Southeast Asian animation. *Screening Southeast Asia*, 24(2), 9-17. <https://cinema.usc.edu/assets/098/15835.pdf>
- Matthes, J. (2008). Schemas and media effects. In W. Donsbach (Ed.), *The international encyclopedia of communication* (1st ed.). Wiley. <https://doi.org/10.1002/9781405186407.wbiecs013>
- Manila Bulletin Entertainment. (2020, December 6). ‘Barangay 143’ returns with much-awaited second season premiere on POPTV. <https://www.mb.com.ph/2020/12/06/barangay-143-returns-with-much-awaited-second-season-premiere-on-poptv/>
- Masuda, H., Sudo, T., Koudate, T., Matsumoto, A., Rikukawa, K., Ishida, T., Kameyama, Y., Mori, Y., & Hasegawa, M. (2023). Anime industry report 2023. In H. Masuda, M. Hasegawa, & M. Ashikawa (Eds.), *Anime industry data*. Association of Japanese Animators. <https://www.aja.gr.jp/english/japan-anime-data>
- Morit, C. S., & Verana, R. (2021). *Komparatibong pag-aaral sa estetikong danas na hatid ng Koreanobela at Filipinobela ayon sa mga Pilipinong manonood* [Comparative study on esthetics value in watching Koreanobela and Filipinobela according to Filipino viewers]. [Unpublished Manuscript]. De La Salle University.
- Nunokawa, Y. (Executive Producer). (1992–1995). *Yu yu hakusho* [TV series]. Studio Pierrot; Yomiko Advertising.
- Pineda, R. A. (2016, September 26). *TV Asahi produces Barangay 143 basketball anime aimed at the Philippines*. Anime News Network. <https://www.animenewsnetwork.com/news/2016-09-26/tv-asahi-produces-barangay-143-basketball-anime-aimed-at-the-philippines/.106898>
- Potter, W. J., Pashupati, K., Pekurny, R. G., Hoffman, E., & Davis, K. (2002). Perceptions of television: A schema explanation. *Media Psychology*, 4(1), 27–50. https://doi.org/10.1207/S1532785XMEP0401_02
- Ramos, G. (2018, October 15). *PH basketball gets own anime series with premiere of ‘Barangay 143’*. SPIN.ph. <https://www.spin.ph/basketball/ph-basketball-gets-own-anime-series-with-premiere-of-barangay-143-a793-20181015>
- Ruh, B. (2014). Conceptualizing anime and the database fantasyscape. *Mechademia*, 9, 164-175. <https://dx.doi.org/10.1353/mec.2014.0012>
- Rule, K. (2018, October 22). ‘Barangay 143’: The first Pinoy anime series. *The Freeman*. <https://www.philstar.com/the-freeman/cebu-entertainment/2018/10/22/1862050/barangay-143-first-pinoy-anime-series>
- Sánchez, L. J. A. (2020a). Teleserye at kontemporanidad. *Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining, at Kulturang Filipino*, 5, 98-124.

- Sánchez, L. J. A. (2020b, May 22). *Philippines TV network shutdown as a COVID-19 'teleserye'*. CSEAS Newsletter. <https://covid-19chronicles.cseas.kyoto-u.ac.jp/en/post-035-html/>
- Sánchez, L. J. A. (2022). *Abangan: Mga pambungad na resepsiyon sa kultura ng teleserye* [Coming soon: introductory receptions in teleserye culture]. UST Publishing House.
- Saha, J., Chong, B., & Chua, J. (Executive Producers). (2018–2019). *Barangay 143* [TV series]. TV Asahi; August Media; Synergy88.
- Santos, K. (2020, October 13). *Barangay 143 review: Basketball and drama shine with local flavor*. *Philstar Life*. <https://www.philstarlife.com/geeky/804894-barangay-143-review-basketball-and-drama-shine-with-local-flavor>
- Santos, K. M. L. (2021). Localising Japanese popular culture in the Philippines: Transformative translations of Japan's cultural industry. *Border Crossings: The Journal of Japanese-Language Literature Studies*, 13(1), 93–102. <https://doi.org/doi:10.22628/bcjl.2021.13.1.93>
- Santos, J. M. C. (2005). Reformatting the format: Philippines in the global television format business. In A. Moran & M. Keane (Eds.), *Television across Asia: Television industries, programme formats and globalization* (pp. 157–168). RoutledgeCurzon.
- Tolentino, R. B. (2001). Animating the nation: Animation and development in the Philippines. In J. A. Lent (Ed.), *Animation in Asia and the Pacific* (pp. 167–180). Indiana University Press.
- Wabe, H. V. (2018, August 8). Wabe: *Barangay 143*: 1st Japanese-Filipino anime on GMA. *SunStar Publishing Inc.* <https://www.sunstar.com.ph/cagayan-de-oro/lifestyle/wabe-barangay-143-1st-japanese-filipino-anime-on-gma>

Grant Support Details

Author Contributions: All research activities and writing were done by C. Lanzaderas. The author has read and agreed to the published version of the manuscript.

Funding: The author received no specific funding for this work.

Acknowledgements: The author would like to thank the UP Office of the Vice President for Academic Affairs and De La Salle University – Manila.

Conflict of Interest: The author declares no conflict of interest.

About the Author

Si **CRIS R. LANZADERAS** (cris_lanzaderas@dlsu.edu.ph/crlanzaderas@up.edu.ph) ay isang guro sa Mataas na Paaralang Rural ng UP sa UP Los Baños at kasalukuyang mag-aaral ng PhD Araling Filipino - Wika, Kultura, at Midya sa Pamantasang De La Salle - Maynila. Nagtuturo siya ng wika at panitikan sa Junior High School at pananaliksik at malikhaing pagsulat sa Senior High School.